

# Better Than This

Singer: Six Part Invention

Story written by: *Ejei Meyou*

Link to the story: <http://www.wattpad.com/5899530-song-inspired-single-shot-stories-better-than-this>

## Gianis' POV

I sit swiftly as I crossed my legs. **“So, what’s new, girls?”** I’m with my *barkadas*, Samantha, Diva and Lyn.

May pinakitang picture sa `kin si Lyn na mula pa sa FB niya. **“Look, Gianis, number one ka na naman sa Hottest Girl ng campus. You’re really a babe, girl!”**

**“So? Nothing’s new with that,”** I rolled my eyes. **“Si Drake ang tinatanong ko, ano ang bago kay Drake.”** Crush ko si Drake, ang kaso ay mukhang `di niya ako gusto, ayon sa mga naririnig-rinig naming magbabarkada, ayaw niya sa akin dahil maarte raw ako. **“You know how I adore him. Kung `di lang ba naman kasi siya manhid.”** Isa pang kinaaasaran ko ay magkapitbahay lang kami pero ni linguin lang ako ay hindi pa niya magawa.

**“Girl, mayro’n na ulit, eh,”** ani Sam, siya naman ang may pinakitang picture, **“si Reina Andres, `yong transferee.”**

Tinitigan kong mabuti `yong babaeng nasa picture. Oo nga, ang ganda ng babae. Simple. Pero *girlfriend* ba talaga `yon ni Drake? Close sila pero `di mukhang **“sila.”**

Nag-ring na ang bell kaya naghiwa-hiwalay na kami. Hindi kami magka-ka-classmate. Ako lang ang naihiwalay ng section sa kanila dahil sinundan ko si Drake. Ganun ako ka-obsess.

Pagpasok ko sa kwarto ay pinagtitinginan na ako ng mga classmate kong mga lalaki. Hindi na bago sa akin `yon, ang hinihintay ko lang ay tignan ako ni Drake na hindi na yata mangyayari.

**“Mag-e-elect tayo ng officers niyo for this year,”** sabi ng adviser namin.

As usual, si Drake na naman ang President ng room dahil top one siya sa whole campus in terms of academics at as usual, ako na naman ang muse. Ang gusto ko ay tumaas naman sana ako ng kaunti kahit sa auditor lang para naman mailabas ko rin ang mga kinikimkim kong katalinuhan.

Pagkatapos ng klase ay nag-meeting kami tungkol sa mga projects na gagawin sa kwarto.

Nagtaas ako ng kamay, tinignan ako ni Drake pero di man lang niya sinabing **“Okay Miss Gianis Mateo, ano yun?”** Nilalagpasan niya ako ng tingin.

**“Can I talk here?”** tanong ko sa medyo mataas na boses.

**“Gianis, muse ka lang naman,”** sabi ni Drake. Hindi nakatakas sa pandinig ko ang pagbibigay diin niya sa salitang **“LANG.”**



